# MGA TAGUBILIN KUNG PAANO KUMPLETUHIN ANG APLIKASYON PARA SA PROGRAMANG – RETURN TO WORK SUPPLEMENT PROGRAM

## Return to Work Supplement Program (RTWSP)

BABALA: Ang sinuman na sadyang gumagawa o gumagamit ng palsipikadong dokumento o pahayag sa pagkuha ng kabayaran ay mananagot ng tatlong ulit na danyos at karagdagang multa na nagkakahalaga ng hindi bababa sa $ 5,500 at hindi hihigit sa $ 11,000 kasama ang gastos sa pagsasakdal alinsunod sa False Act Claim, Government Code sections 12650-12656

Bago magsimula, mangyaring likumin o ihanda ang mga sumusunod na impormasyon:

- ✓ Ang iyong kumpletong Supplemental Job Displacement Voucher DWC-AD 10133.32 form kabilang ang Katibayan ng Serbisyo (Proof of Service), na nilagdaan ng iyong claims administrator.
- ✓ Ang petsa ng Katibayan ng Serbisyo ng Supplemental Job Displacement Voucher form DWC-AD 10,133.32 (SJDB) Rev: 10/01/2015
- ✓ Ang iyong ADJ number para sa iyong kaso sa DWC
- ✓ Ang iyong claim number mula sa insurance carrier
- ✓ Anumang impormasyon tungkol sa iyong mga nakaraang kabayaran ng RTWSP

## <u>Punan ang mga Indibidwal na Impormasyon</u> <u>Hakbang 1 ng 5</u>

* Mga impormasyon na kailangang sagutin para ma-proseso ang iyong RTWSP aplikasyon.

1. * Pangalan
2. MI (letra ng gitnang pangalan)
3. * Apelyido
4. * Petsa ng Kapanganakan (BUWAN/ARAW/TAON)
5. * SSN/ITIN (999-99-9999)
6. * Tirahan
7. * Lungsod
8. * Estado (pumili mula sa drop down na listahan)
9. * Zip Code
10. Email Address
11. Numero ng Telepono




** Ang email address at numero ng telepono ay hindi kailangan ngunit makakatulong kung magkakaroon ng katanungan sa pag-proseso ng iyong aplikasyon.

# MGA TAGUBILIN KUNG PAANO KUMPLETUHIN ANG APLIKASYON PARA SA PROGRAMANG – RETURN TO WORK SUPPLEMENT PROGRAM

## Punan ang Kasaysayan ng Pinsala

**Hakbang 2 ng 5**

* Mga impormayon na kailangang sagutin para ma-proseso ang iyong aplikasyon sa RTWSP.

1. * Petsa ng Pinsala
2. * Claim number
3. * Petsa ng Serbisyo ng iyong Supplemental Job Displacement Benefit (SJDB) (BUWAN/ARAW/TAON)
4. * ADJ number
5. * Nakatanggap ka na ba ng benepisyo mula sa RTWSP bago ang aplikasyong ito?

   Kung oo, kumpletuhin ang mga sumusunod na impormasyon

   a. Numero ng iyong RTWSP Aplikasyon (RTW#######) kung saan ka nakatanggap ng benepisyo mula sa RTWSP

   b. Petsa kung kailan na-aprubahan ang iyong nakaraang RTWSP aplikasyon (BUWAN/ARAW/TAON)




**Hakbang 3 ng 5**

## I-upload ang SJDB Voucher

* Pag-upload ng kopya ng iyong SDJB voucher sa  format na PDF o TIFF.

- I-upload ang kumpletong voucher kasama ang Katibayan ng Serbisyo na nilagdaan ng iyong claims administrator

1. I-click ang buton na **Upload File**
2. I-click ang buton na **Browse** at hanapin ang kopya ng iyong file
3. I-click ang buton na **Open** kapag napili na ang file
4. Siguraduhing tama ang iyong file name at i-click ang buton na **Add**.

**Ang iyong dokumento ay lalabas kasunod ng **File Attached**






# MGA TAGUBILIN KUNG PAANO KUMPLETUHIN ANG APLIKASYON PARA SA PROGRAMANG – RETURN TO WORK SUPPLEMENT PROGRAM

## I- tsek ang mga kahon para sa Katibayan — Hakbang 4 ng 5




* Mga kailangang impormasyon para ma-proseso ang iyong aplikasyon

* Katunayan ng paninirahan

Piliin lamang ang isa sa mga sumusunod:

- ☐ Residente ng California
  May kakayahan na magnegosyo sa California o magtayo ng permanenteng lugar ng negosyo sa California.

- ☐ Hindi residente ng California
  Ang mga kabayaran para sa serbisyo ng mga hindi residente ng California ay maaring sumasailalim sa batas tungkol sa withholding tax ng Estado.

*Parusa ng Panunumpa nang walang katotohanan

- ☐ Aking ipinagtitibay (o ipinapahayag) sa ilalim ng parusa ng panunumpa nang walang katotohanan sa ilalim ng batas ng Estado ng California na ang mga sumusunod ay totoo at wasto.
  Akin itong pinagtitibay sa: **ang angkop na petsa ay makikita

## Suriin at I-submit — Pahinang 5 ng 5

Suriin ang mga impormasyong itinala, maaaring baguhin ang mga maling naitala at i-wasto sa pamamagitan ng pag-click sa **Edit** links o sa section tab. Kapag wasto na ang mga impormasyon, I-click ang buton na **Submit**



## Pahina ng Kumpirmasyon ng Pag-submit

Kapag ang iyong aplikasyon ay matagumpay na naisubmit, ikaw ay bibigyan ng RTW number. Maaari kang mag-print ng kopya ng iyong aplikasyon para sa iyong pansariling rekord. Ang pagpapasya kung ikaw ay makakatangap ng benepisyo mula sa RTWSP ay malalaman sa loob ng 60 araw.



**Your application was submitted successfully!**

Thank you for your interest in the Return to Work Supplement program, your application has been successfully submitted on 03/23/2015; an eligibility determination will be made within the next 60 days and a benefit notice indicating whether or not you qualify for the RTWSP benefit will be mailed to you. To avoid delays in processing your application, please DO NOT submit a second application. Should you have any questions please contact the RTWSP unit at 510-286-0787 or RTWSP@dir.ca.gov.

Below are links to your Application Package. Please print this page and click the links to view and print a copy of the documents for your records.

Your RTWSP Application Number is: RTW1000487.

**Application Package**

- Application PDF
- SJDB Voucher PDF

Click here to Print this Page



Pribadong Pabatid sa Paglikom ng Personal na Impormasyon: Gagamitin ng Department of Industrial Relations ang mga personal na impormasyon na nakalap sa ibaba upang matukoy kung ikaw ay karapat-dapat na mabigyan at makatanggap ng benepisyo na pinahintulutan ng Labor Code § 139.48. Ang iyong kasaysayan ng pinsala ay gagamitin upang kumpirmahin ang iyong pagkakakilanlan, at upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat para sa benepisyong ito. Kailangan mong ibigay ang iyong Social Security Number (SSN) o Federal Tax Identification Number (FEIN) upang matanggap ang benepisyong ito (8 C.C.R. § 17306). Ang iyong SSN o FEIN ay gagamitin upang malaman kung ang mga impormasyon sa iyong aplikasyon ay tutugma sa tamang dokumento ng pagbabalik sa trabaho, kung saan ito ay susuriin sa pag-proseso ng iyong aplikasyon, at ito ay ibibigay sa State Controller’s Office para sa pag-proseso ng pagbabayad at pagtutuos. Ang kakulangan sa pagbibigay ng iyong pangalan; tirahan; o SSN o FEIN ay manganga- hulugan ng pagtanggi sa mga benepisyo. Maaaring ibahagi ng kagawaran ang mga impormasyon na ito para sa pangkalahatang pagpapatupad ng batas o para sa layunin ng pananaliksik. Ang California Information Practices Act (Civil Code Section 1798 et seq.) ang namamahala sa koleksyon ng kagawaran at ang paggamit ng mga personal na impormasyon ng indibidwal. Ang patakaran ng kagawaran sa privacy, kabilang na ang pribadong contact number ng opisyal, ay makukuha sa http://www.dir.ca.gov/od_pub/privacy.html. Babala: Ang iyo bang Kompyuter ay Ligtas?